

PARA AGARANG PAGLABAS

Nagho-host ang Lungsod ng Brampton ng Paligsahan sa Backyard Ice Rink at karagdagang mga programa na outdoor at nasa pamamahay para sa mga residente

BRAMPTON, ON (Enero 7, 2022) – Nagho-host ang Lungsod ng Brampton ng hanay ng mga aktibidad na nakakabuti sa pamilya para ang lahat ay mananatiling aktibo, kapwa outdoor at mula sa ginhawa ng kanilang sariling tahanan, sa winter na ito.

Mananatiling bukas ang outdoor na mga amenidad, kung maganda ang panahon at ang kondisyon ng yelo. Pinapayuhan ng Lungsod ng Brampton ang mga residente na subaybayan ang pagtataya ng lokal na panahon bago lumabas. Pakitandaan, ang mga aktibidad at lokasyon ay maaaring i-adjust batay sa hinihingi at mga pamamaraan sa pampublikong kaligtasan.

Patimpalak sa Brampton Backyard Ice Rink

Nakagawa na ba kayo ng backyard ice rink sa season na ito? Magsumite ng isang litrato para sa pagkakataon na manalo ng kamangha-manghang papremyo – tulad ng isang oras na skate sa inyong rink kasama ang NHL alumni na sina Doug Gilmour at Wendel Clark! Para sa kumpletong mga detalye, kabilang ang mga tip para sa paggawa ng backyard ice rink, [i-click dito](#).

Mga programa sa paglalakad outdoor

Maglakad at maglaro sa pamamagitan ng programa sa paglalakad outdoor na pinamunuan ng mga bihasang instructor. Ang mga programang ito ay nangangailangan ng mga malinaw na daan, at tatakbo kung maganda ang panahon. Kinailangan ang pagpapatala.

- Family Hike at Scavenger Hunt (sa lahat ng edad)
- Nordic Walking (edad 14+ ug 55+)
- Walk at Tone Drop-In (edad 14+ at 55+)

Bisitahin ang www.brampton.ca/recreation para sa mga detalye.

Mga laro at aktibidad na outdoor

Maaaring mag-enjoy ang mga residente sa libre na mga laro at aktibidad na outdoor sa winter na ito sa buong lungsod, kabilang ang pamamana at frisbee disc golf. Bisitahin ang www.brampton.ca/recreation para sa mga detalye.

Programang Winter-in-the-Park Pagkatapos ng Drop-In sa Paaralan

Ang mga bata at kabataan sa mga pangkat ng edad na 6 hanggang 10 at 10 hanggang 14 ay iniimbitahang mag-drop-in, sa pinangungunahan ng instructor na mga laro at aktibidad sa piling mga lokasyon. Bisitahin ang www.brampton.ca/playinthepark para sa kumpletong mga detalye.

Pinapahaba ang ma oras sa mga skating rink na outdoor

Ang mga oras ng operation sa Mount Pleasant, Gage Park, Gore Meadows, Chinguacousy Park, Flower City, Earnscliffe at Jim Archdekin ay pinahaba mula 10 am hanggang 10 pm. Ang karagdagang mga programa ay kinabibilangan ng outdoor shinny sa Gore Meadows. Hindi kailangan ang pagpaparehistro, at available ang mga rink sa paraang first-come, first-served. Inirerekumenda ang mga mask kapag hindi mapanatili ng mga sumasali ang dalawang metrong distansya. Bisitahin ang www.brampton.ca/outdoorskating para sa mga detalye.

Mount Chinguacousy

Ang Mount Chinguacousy drop-in skiing, snowboarding at tubing ay pansamantalang nakaiskedyul na magbukas sa Enero 14, 2022, kung maganda ang panahon at ang kondisyon ng niyebe. Kinakailangan ang pagsusuot ng mask habang nasa chalet (para bumili ng mga tiket at para sa arkila) at habang naghihintay para sa ski lift line. Inirerekumenda din ang pagsusuot ng mask sa mga outdoor na lugar kapag hindi mapapanatili ng mga dumalo ang dalawang metrong distansya. Para sa karagdagang impormasyon kabilang ang mga hinihingi sa estado ng patunay ng pagpapabakuna kapag bumili sa ski chalet para sa mga pagbili o pangungupahan, bisitahin ang www.brampton.ca/mountching.

Mga panlibangang trail at sports fields

Samantalain ang magandang paglalakad sa winter sa pamamagitan ng ating panlibangang mga trail at mag-enjoy sa outdoor sports fields at fitness equipment ng lungsod sa winter na ito. Ang lahat ng pangunahing panlibangang mga trail at ang outdoor fitness equipment ay nananatiling bukas at minimintina. Mananatili ring bukas ang piling mga outdoor field at korte para maglaro kabilang ang soccer, basketball, tennis at ball hockey. Bisitahin ang www.brampton.ca/parks para saliksikin ang mga trail sa Brampton.

Mga live na birtwal na workout

Sumali sa amin para sa libre, 55-minutong live na mga birtwal na workout kasama ang mga bihasang fitness instructor mula sa ginhawa ng inyong sariling tahanan. Magsisimula ang pagrehistro sa Enero 8 para sa sumusunod na mga klase: Power Sculpt, Zumba TM, Bootcamp, at Meditate at Rejuvenate. Bisitahin ang www.brampton.ca/recreation para sa karagdagang impormasyon.

Brampton Library activity kits

Simula Enero 11, maaari nang mag-enjoy ang mga residente sa seasonal activity kits mula sa Programa ng Pagpapahiram ng Brampton Library. Ang self-directed na mga laro at aktibidad na makakatulong na panatilihi ang aktibo ang katawan at isip, ay madaling matutunan at maiaangkop sa alinmang antas ng skill. Bisitahin ang www.brampton.ca/recreation para sa karagdagang impormasyon.

Mga Quote

“Ang Brampton ay committed sa pagsuporta sa kalusugan at kabutihan ng mga residente, Kaya, nilikha natin ang karagdagang outdoor at nasa bahay na mga panlibangang pagkakataon para sa mga residente sa mahirap na panahong ito nang maraming mga amenidad na inddor ang pinagbabawalang mag-operate. Hinihikayat ko ang lahat na sumali nitong mga masayang aktibidad sa winter na ito, at sumali sa paligsahan na backyard ice rink photo!”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Nag-aalok ang Lungsod ng Brampton ng hanay ng masasayang aktibidad para matiyak na ang mga residente ay mananatiling malusog at aktibo sa buong haba ng winter. Mahalaga ang aktibidad para sa katawan at isip, kaya maglakad, mag-enjoy sa skating at iba pang mga aktibidad outdoor na pinasadya para sa winter, kumpletuhin ang birtwal na workout, kunin ang isang kit ng aktibidad, at ipakita sa amin ang inyong backyard ice rink!”

- *Rowena Santos, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5; Chair, Community Services, Lungsod ng Brampton*

“Mula sa mga programa sa paglalakad sa labas hanggang sa mga kit sa aktibidad, ang Lungsod ng Brampton ay magho-host ng karagdagang mga programa para sa mga tao sa lahat ng edad at kakayahan sa winter na ito. Alam natin ang pandemya at ang mga pagsasara ay mahirap, at nagsisikap para magbigay ng panlibangang mga aktibidad para ang lahat ay manatiling aktibo.”

- *Charmaine Williams, Konsehal ng Lungsod, Wards 7 at 8; Vice-Chair, Community Services, Lungsod ng Brampton*

“Dedicated ang staff ng Lungsod sa pagbibigay na naaakses at nakakabuti sa pamilya na mga aktibidad para mag-enjoy ang mga residente sa buong taon. Nagdagdag kami ng hanay ng mga programa at aktibidad lalo na para sa winter na ito para matiyak na nananatiling aktibo ang lahat.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca